
# Mga Parte ng Ulo



**Mga Letra: a, b, d, e, g, i, k, l, m, n, ng, o, p, r, s, t, u, y**


Isinulat ni Ma. Teresa O. Jamito
Iginuhit ni Jotham D. Balonzo
Sinuri nina Cristina B. Leaño, Marife S. Maderazo, Marimyn Olga C. Magistrado, Wilma M. Ojeda, at Nelia A. Urban



Maraming parte ang ating ulo. Madalas, ito ang unang napapansin sa isang tao. Nakakabit ang ating ulo sa leeg.




Nasa bandang itaas ng ulo ang ating noo. Minsan, sa noo unang inaalam kung may lagnat ang tao.





Magkalapit ang ating mga kilay at mga mata. Parte ng mga mata ang mga talukap. Proteksiyon naman ng mga mata ang pilikmata.





Nasa magkabilang gilid ng ulo ang mga tainga. Ginagamit natin ang mga ito sa pakikinig.
Iba't ibang tunog ang naririnig ng mga ito.





Nasa gitnang parte naman ang ating ilong. May mga butas ang ilong. Ginagamit ito bilang pang-amoy.



Nasa ibaba ng ilong ang ating bibig. Labi, ngipin, at dila ang mga parte nito. Pagsasalita at pagkain ang ilang gamit ng bibig.




Iba't ibang lasa ang natitikman ng ating dila. Ginagamit ang ngipin sa pagnguya ng pagkain. Pinapanatili naman ng labi ang pagkain sa bibig.




Malaking parte rin ang ating mga pisngi. Makikita sa mga pisngi ang nararamdaman ng tao. Minsan mapula, minsan maputla ang mga ito.



Linisin palagi ang mga parte ng ating ulo. Ang malinis sa sarili ay tanda ng maayos na kalusugan.

## Mga Tanong at Gawain

1. Ano ang pamagat ng iyong nabasa?
2. Ano-ano ang bahagi ng ulo?
3. Ano-ano ang bahagi ng ulo na may kapares?
4. Paghambingin ang mga gamit ng dila, ngipin, at labi.
5. Paano mo mapangangalagaan ang mga bahagi ng iyong ulo?
6. Iguhit ang mga bahagi ng mukha at lagyan ng pangalan ang bawat isa.